


# NOVENA kay San Pedro Apostol

# NOBENA KAY SAN PEDRO APOSTOL

Prepared by Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles III; Prayers composed by Rev. Fr. Jun Abog, CRM; Reflections by Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles, III, Mrs. Rosa S. Paor, Mrs. Precila P. Guinto, Mrs. Genie G. Altamarino, Mrs. Consuelo Q. Galano, Mrs. Senen Pandi, Mrs. Nancy Guinto, and Mrs. Merle C. Fontanilla; Quotations are taken from Katesismo ng Iglesia Katolika. Manila: Roman Catholic Archdiocese of Manila, 1996; Katesismo para sa mga Pilipinong Katoliko. Quezon City: Claretian Publications, 2007; Ang Bagong Tipan ng Magandang Balita Biblia/The New Testament in Today's English Version. Manila: Philippine Bible Society, 1994; The following quotations taken from PCP II on page 4, Dom Columba Marmion and George Chevrot and St. Clement of Rome were translated to Filipino by Fr. Jun Abog, CRM.; Cover Design by Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles III; Paintings by Hermes Alegre; Published by Parroquia de San Pedro Apostol, Indan Street, Vinzons, Camarines Norte; Printed and donated by HP Print Trader, Inc.; First Printing: 5,000 copies.

Copyright@ 2015
PARROQUIA DE SAN PEDRO APOSTOL
ALL RIGHTS RESERVED.

Nihil Obstat:
C. Echano
REV. MSGR. CEZAR M. ECHANO, JR
Chairman, Commission on Doctrine of the Faith and Morals

Imprimatur:
MOST REV. GILBERT A. GARCERA, D.D.
Bishop of Daet



**MOST REV. GILBERT A. GARCERA, D.D.**
Bishop of Daet

# MESSAGE

With the entire diocese, I join the Parroquia de San Pedro Apostol in praising and thanking the good Lord not only for the beautiful and scientific reconstruction of the Parish Church, but more importantly, for the special grace in the form of NOBENA KAY SAN PEDRO APOSTOL.

With this new novena to St. Peter, the Apostle, I am confident that the parishioners will attain a deeper understanding of the life and mission of St. Peter, the Apostle and consequently lead them to a renewed understanding of what it really means to be a catholic. Enriched with Biblical citations, meditation points from Catechism of the Catholic Church and Catechism for Filipino Catholics and contemporary reflections courtesy of Fr. Augusto Jesus B. Angeles III and some members of the Pastoral and Finance Councils, this new novena can inspire and teach us all to follow the Lord in discipleship even until the cross.

I also commend the publication of this new novena since it is an excellent means to transmit the catholic faith to the younger generation. One clarion call of the Quadricentennial Celebration in 2011 is to face the urgent challenge of transmitting the faith to the next generation.

I pray that those who will use this novena may not only find in Jesus Christ "the Words of eternal life"(Jn 6:69) but may be inspired to follow Jesus as St. Peter did in his life.



**FR. AUGUSTO JESUS B. ANGELES III**
**Parish Priest**

# FOREWORD

## Objective of the new Novena to St. Peter, the Apostle

Why publish a new novena in honor of St. Peter? The publication of the new novena is focused mainly on two poles: how he was formed by Jesus, on the one hand, and how Peter, the Galilean fisherman, was transformed into a true disciple and a model Apostle of Jesus, on the other hand. Tracing the transformation of Peter into a faithful disciple and a

model Apostle, the new novena hopes to inspire and teach devotees of St. Peter to follow the Lord in discipleship even until the cross and to imitate him in his service to others and to the church. To achieve this objective, each day of the novena is focused on a particular aspect of St. Peter's life as a disciple and as an apostle, to wit:

UNANG ARAW: ANG PAGTAWAG NI JESUS KAY PEDRO AT PAGSUNOD NIYA SA PANGINOON

IKALAWANG ARAW: ANG PAGPAPAHAYAG NI PEDRO NA SI KRISTO ANG SALITA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN AT ANG PAGLISAN NG MARAMING TAO

IKATLONG ARAW: ANG PAGTATATAG NI KRISTO SA SIMBAHAN AT PAG-AATAS KAY PEDRO, ANG BATO, AT PAGBIBIGAY SA KANYA NG MGA SUSI NG KAHARIAN NG LANGIT

IKAAPAT NA ARAW: PINALAKAD NI KRISTO SI PEDRO SA IBABAW NG TUBIG AT ANG PAG-AALINLANGAN NG PANANAMPALATAYA NI PEDRO

IKALIMANG ARAW: ANG KAHINAAN NI PEDRO AT PAGTANGGI NIYANG KASAMA SIYA NI JESUS

IKA-ANIM NA ARAW: ANG PAG-AATAS NI KRISTO KAY PEDRONG MANALANGIN AT MAGBANTAY

IKA-PITONG ARAW: ANG PAGBABALIK-LOOB NI PEDRO AT PAGPAPATAWAD NI KRISTO

IKA-WALONG ARAW: ANG PAGKAPIIT KAY PEDRO; ANG PAGTALIMA NI PEDRO SA KALOOBAN NG DIYOS KAYSA SA KAGUSTUHAN NG TAO

IKASIYAM NA ARAW: SI SAN PEDRO, ANG UNANG SANTO PAPA

ARAW NG KAPISTAHAN: ANG PAGPAKO KAY PEDRO

**Structure and composition of the new novena**

The revised novena has four parts. The first part is the Opening Prayer with three items: Ang Tanda ng Krus, Pagsamba, Pagpupuri at Pasasalamat and Pagsisisi. The second part, Pakikinig sa Salita ng Diyos at Pagninilay, has four elements: Pagbasa sa Ebanghelyo, Pagninilay, Maikling Pagbabahagi o Pangaral, at Panalangin ng Bayan. The third part is the Litany to St. Peter the Apostle. The fourth part is Panghuling Panalangin at Pagbabasbas which includes prayer for the intentions of the Holy Father, the Bishops, and the Parish Priest, Closing Prayer and the old Dalit to St. Peter.

The first part contains prayers of adoration, offering, contrition and thanksgiving. These are the basic types of prayer identified by CFC no. 1476. These types of prayers are placed at the beginning of the novena not only to help the devotees become conscious of their relationship with God but more importantly, to help them verbalize the very content of their hearts as they converse with God.

It is very important to note that the revised novena intentionally includes Biblical Passages on the life and ministry of St. Peter in order to highlight the importance of listening to the Word of God as an indispensable part of prayer. Prayer, including Novena, must be dialogical. It means that it should facilitate conversation between God and the person and not to be reduced to monologue. Thus, listening to God's word must become a part of praying novena so that God is allowed to speak to the devotees and they in turn learn that prayer necessarily includes listening, meditation and loving conversation.

Another innovation of the novena is the inclusion of maikling pagbabahagi and meditation points from the Catechism of the Catholic Church, Catechism for Filipino Catholics and reflections from the Parish Priest and some members of the Pastoral and Finance Councils. The revised novena offers meditation points to assist the devotees in digesting the Word of God and consequently helping them to engage in loving conversation with God. By praying the novena, therefore, devotees do not only engage in vocal prayers, but they are helped to pray in the manner of "Lectio Divina".

The entire second part ends with Panalangin ng Bayan. After leading the faithful to listening to, meditating on, and contemplating God's word, the novena aims to assist a person in intercessory prayers.

## The new Novena and the Reconstruction of the ceiling paintings

To highlight the significance of the life and mission of St. Peter, the reconstructed ceiling paintings feature the theme for each day of the novena. Thus, the ceiling paintings depict the development of the faith of St. Peter especially as a disciple and apostle. It is hoped that the illustrated life and mission of St. Peter could impact the faith of the parishioners and could really help them become true disciple and servants of the church and society.

## Old and New Elements in the Novena

On the one hand, the nobena features new elements: original prayers including the Litany to St. Peter composed by Fr. Jun Abog, Readings from the Sacred Scriptures and meditation points from CCC, CFC and personal reflections from the lay faithful. On the other hand, the novena retains the centuries-old Dalit to St. Peter. Thus, the nobena combines the old and the new elements.

## Restoring the Church; Rebuilding the Parish

The new novena is my way of thanking the people of Vinzons for their love of the church. More importantly, it is my way of challenging the people of

Vinzons to face the task of transmitting the catholic faith to the new generation. It is my hope that through the reconstruction of the parish church, we have also rebuilt the church as a Community of Disciples of Christ.

**Tribute and Gratitude**

This foreword is incomplete without mention of the following persons who have helped me come up with this novena.

I would like to dedicate the publication of this new novena to BISHOP GILBERT A. GARCERA, D.D., whose discipleship and apostleship really shaped my priesthood, to CAPTAIN GAUDENCIO C. MORALES and OFELIA F. HERRERA, whose generosity and love for the Church are truly worth emulating and to all Vinzonians who helped in the reconstruction of the church in whatever way they can.

My gratitude goes to the members of the Parish Pastoral and Finance Councils headed by MRS. MERLE C. FONTANILLA and MRS. OFELIA F. HERRERA for their deep love for the parish and to MR. HERMIE PATRIMONIO for shouldering the expenses of this publication.

# DALOY NG NOBENA

## UNANG BAHAGI: PANIMULANG PANALANGIN

### 1. Ang Tanda ng Krus

+ Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo Amen.

### 2. Pagsamba, Pagpupuri at Pasasalamat

O Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo, sinasamba, pinupuri at niluluwalhati ka namin. Taos puso ang aming pasasalamat sa napakaraming biyaya na ibinigay mo sa amin. Higit sa lahat ang makilala ang iyong pagmamahal sa sangkatauhan sa pamamagitan ng maawain naming Panginoong Jesukristo. Sa pamamagitan ng iyong banal na apostol na si San Pedro, humihiling kami ng patuloy mong paggagabay sa Simbahan, sa aming Santo Papa, sa mga obispo, lahat ng kaparian, mga relihiyoso't relihiyosa at mga lingkod ng Simbahan. Sa tulong ng liwanag at karunungan ng

Espiritu Santo, maibahagi namin nang may kababaang-loob at katapatan ang mga aral ng Ebanghelyo sa lahat ng sandali ng aming buhay at makapaglingkod kami sa mga dukha at lahat ng mga nangangailangan sa aming pamayanan ayon sa iyong banal na kalooban at sa tulong ng iyong biyaya. Amen.

### 3. Pagsisisi

O Diyos Amang nasa langit, ipinadala mo sa amin ang Panginoong Jesus, ang iyong bugtong na Anak para sa aming kaligtasan. Humihingi kami ng kapatawaran sa lahat ng aming mga kasalanan at pagkamakasarili. Buong puso ang aming pagsisisi sa aming hindi pagsasabuhay ng iyong pag-ibig at paglilingkod sa kapwa. Kalugdan mo kaming iyong mga lingkod na samasamang nananalangin, nananalig at umaasa sa iyong awa at habag. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

Ama namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati sa Ama

## IKALAWANG BAHAGI: PAKIKINIG SA SALITA NG DIYOS AT PAGNINILAY

*(Kukunin sa mga pag-basa at panalangin para sa nakatakdang araw ng nobena)*

1. **Pagbasa sa Ebanghelyo**
2. **Pagninilay**
3. **Maikling Pagbabahagi o Pangaral**
4. **Panalangin ng Bayan**

Para sa Banal na Simbahan ng Diyos, sa Santo Papa, mga obispo, kaparian, mga relihiyoso't relihiyosa, upang sa tulong ng panalangin ni San Pedro Apostol, maging tapat silang mga lingkod ng Panginoong Jesukristo, *Panginoon dinggin mo kami.*

Para sa lahat ng nanunungkulan sa pamahalaan, upang si San Pedro ay maging huwaran nila sa matapat na pagtataguyod ng kapakanan ng lahat ng tao at pag-aangat ng kabuhayan lalo na ng mga mahihirap, *Panginoon dinggin mo kami.*

Para sa ikapagbabalik-loob ng mga makasalanan, nawa'y maranasan nila tulad ni San Pedro, ang awa at habag ng Panginoong Jesukristo na naparito sa mundo upang maging ganap ang kanilang buhay at magkamit ng buhay na walang hanggan, *Panginoon dinggin mo kami.*

Para sa lahat ng mga maysakit, nawa'y sa tulong ng panalangin ni San Pedro Apostol, biyayaan sila ng Panginoong Jesukristo ng ganap na kagalingang pangkatawan at espiritwal, *Panginoon dinggin mo kami.*

Para sa mga malapit nang sumakabilang buhay, para sa mga yumao nating mga mahal sa buhay, kamag-anak at mga kaibigan, ang mga kaluluwang walang nakakaalala sa purgatoryo, nawa'y sa tulong ni San Pedro, makapasok sila sa kaharian ng Panginoong Muling Nabuhay, *Panginoon dinggin mo kami.*

Para sa ating mga natatanging kahilingan (tahimik na ipanalangin ang mga ito), nawa'y sa tulong ni San Pedro Apostol at ating patron, ipagkaloob ito sa atin ng maawaing Diyos Ama, *Panginoon dinggin mo kami.*

## IKATLONG BAHAGI:
## LITANIYA KAY SAN PEDRO

Panginoon, *maawa ka.*
Kristo, *maawa ka.*
Panginoon, *maawa ka.*
Kristo, *pakinggan mo kami.*
Kristo, *pakapakinggan mo kami.*
Diyos Ama sa langit, *maawa ka sa amin*.
Diyos Anak na Tagapagligtas ng sangkatauhan, *maawa ka sa amin.*
Diyos Espiritu Santo, *maawa ka sa amin.*
Banal na Trinidad, iisang Diyos, *maawa ka sa amin.*
Santa Maria, Ina ng Diyos, *ipanalangin mo kami.*
Reynang ipinaglihing walang salang orihinal, *ipanalangin mo kami.*
Reyna ng mga Apostol, *ipanalangin mo kami.*
Reyna ng kapayapaan, *ipanalangin mo kami.*
Birheng kumakalinga sa mga dukha, *ipanalangin mo kami.*
Nuestra Señora de Candelaria, *ipanalangin mo kami.*
San Jose Manggagawa, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, tumanggap ng mga susi ng kaharian ng langit, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, masigasig sa pagbibigay ng luwalhati kay Kristo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, apostol na kalugod-lugod sa Panginoong Jesukristo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, buong pusong nagsisi sa pagkakanulo kay Kristo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, apostol na kumilala kay Kristo bilang Anak ng Diyos, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, nagpahayag na tanging kay Kristo nagmumula ang Salita ng buhay na walang hanggan, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, iginapos ng tanikala dahil kay Kristo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, pinalaya ng anghel sa pagkabilanggo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, may galak na tinanggap ang paghihirap alang-alang kay Kristo, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, dakilang tagapangaral at tagapaghatid ng Salita ng Diyos, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, apostol at lingkod ng pag-ibig ng Diyos at paglilingkod sa kapwa, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, huwaran sa pananampalataya sa Diyos na bukal ng awa, *ipanalangin mo kami.*

San Pedro, nag-alay ng buhay para sa Panginoong Jesukristo, *ipanalangin mo kami.*

Upang kami'y maging katulad mo sa paglilingkod kay Kristo sa aming kapwa, *ipanalangin mo kami.*

Upang kami'y maging masigasig sa pagsasabuhay at pagpapahayag ng Mabuting Balita ni Kristo, *ipanalangin mo kami.*

Upang kami'y maging tapat sa Santo Papa at sa Simbahang itinatag ni Kristo, *ipanalangin mo kami.*

Upang katulad mo'y magkaroon kami ng galak sa pagharap sa mga hamon sa buhay at pananampalatayang Kristiyano, *ipanalangin mo kami.*

Upang ang aming buhay ay mailaan sa paghahanap sa mga naliligaw ng landas at maipadama sa kanila ang awa at habag ni Kristong Mabuting Pastol, *ipanalangin mo kami.*

Upang lagi kaming makapagbantay at makapanalangin hindi lamang para sa aming mga sariling pangangailangan kundi para sa lahat ng sambayanan ng Diyos, *ipanalangin mo kami.*

Upang sa paglisan namin sa mundong ito'y kami'y mga tapat na kaibigan ng Panginoong Diyos, *ipanalangin mo kami.*

Ipanalangin mo kami, O San Pedrong banal na Apostol ni Kristo
*Nang kami'y maging dapat makinabang sa mga pangako ni Kristo.*

***Manalangin tayo:***

O Panginoong Jesukristo, bugtong na anak ng Diyos na humirang kay San Pedro Apostol, sa kanya mo ibinigay ang mga susi ng kaharian ng langit, ipagkaloob mong makapamuhay kami ayon sa iyong banal na kalooban, mahalin at mapaglingkuran ka sa aming kapwa at katulad ni San Pedro, manatili nawa kaming mga matapat mong lingkod na nagtataguyod at nagbabahagi ng iyong awa, habag, pagmamahal at pagpapagaling sa lahat ng sandali. Ikaw na nabubuhay at naghaharing kasama ng Ama at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, magpasawalang hanggan. Amen.

## IKA-APAT NA BAHAGI: PANGHULING PANALANGIN AT PAGBABASBAS

Para sa intensiyon ng Santo Papa__________________,

Ama namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati sa Ama.

Para sa intensiyon ng Obispo at ng Kura Paroko:

Ama namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati sa Ama.

*+ Kung Pari o Diyakono ang namumuno:*
Pari: Sumainyo ang Panginoon
Lahat: At sumaiyo rin.

Pari: Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos + Ama, Anak at Espiritu Santo.
Lahat: Amen.

Pari: Humayo kayong taglay ang pag-ibig at awa ng Diyos at paglingkuran ang kapwa.
Lahat: Salamat sa Diyos.

*Kung Layko ang namumuno:*

Namumuno: + Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Lahat: Amen.

## DALIT

Hanapin ang iyong maestro
Mahal na kaibigan mo,
Pagsilbi turo sa iyo
Hanggang sa ikinamatay.

San Pedro Papa't Apostol
Pili naming maging patron,
Kami'y iyong ipagtanggol
Sa sálot, digmâ at gútom.

Nang kung gayon ay matingnan
Pakikiramay mong tunay
Sa kay Kristong pagkamatay
Pagsakop sa sanlibutan.(tugon)

Napalagay ang ulo mo
Sa paanan ni Hesukristo,
Tanda ng pagkatotoo
Ng lubos na kababaan mo.(tugon)

Ikaw nga yaong binigyan
Ng lubos na kabagsikan,
Na maging ama kang tunay
Buong sangkakristiyanohan,(tugon)

Prinsipeng kataas-taasan
Siyang sa iyo ay ingalan
Ikaw nga yaong binigyan
Llave ng sangkalangitan.(tugon)

Ikaw rin ang pinagbilinan
Na iyong pakakaingatan,
Mga ovejas na tanan
Pagsampalatayang tunay.(tugon)

Sino mang patawarin mo
Patawad ni Hesukristo,
At ang di mo patawarin
Dili rin papagkamtin.(tugon)

Tuloy bilin pa sa iyo
Na kami ay pakanin mo,
Katawa't dugo ni Kristo
Habilin sa sakramento.(tugon)


At ng kami ay magkamit
Kaluwalhatian ng langit,
Walang batid na tahimik
Pangakong walang paglihis.(tugon)

Sino man doo'y buksan mo
Bubuksan ni Hesukristo,
At ang di mo ibig buksan
Dili rin makikinabang. (tugon)

Kami ay sumasalilong
Sa mahal mong pag-aampon,
Kami'y iyong ipagtanggol
Sa araw ng paghuhukom.(tugon)

At nang sa amin ay pakamtan
Ang langit na walang hanggan,
Na sa iyo'y makipisan
Magparating man saan. (tugon)

# MGA PAGBASA AT PANALANGIN PARA SA NAKATAKDANG ARAW NG NOBENA



## UNANG ARAW

# ANG PAGTAWAG NI JESUS KAY PEDRO AT PAGSUNOD NIYA SA PANGINOON

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Marcos:** (Mc 1:16-20)

"Samantalang naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon at Andres na naghahagis ng lambat. Sila'y mangingisda. Sinabi ni Jesus, "Sumama kayo sa akin at gagawin ko kayong mamamalakaya ng tao." Pagdaka'y iniwan nila ang kanilang lambat, at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya ng paglalakad, at sa di kalayuan ay nakita niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa kanilang bangka at naghahayuma ng mga lambat. Tinawag din sila ni Jesus at sumunod naman sa kanya. Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama, kasama ng mga taong upahan."

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mt 4:28ss; Mc 1:16-20; Lu 5:1-11)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Narinig ni Pedro ang pagtawag sa kanya ni Kristo. Tulad ni Pedro, tinatawag din tayo ni Kristo, upang maging alagad niya, upang sundin siya at hindi ang ating sariling kagustuhan at upang maging sentro ng ating buhay si Kristo, at maisabuhay ang kanyang mga itinuturo, at pahalagahan ang Diyos sa ating buhay. Kinakailangang piliin natin lagi ang kabutihan at iwasan ang kasamaan. Bokasyon natin ang pagiging mabuting mga tao. Pagsikapan nating maging mabubuting mamamayan ng ating bansa. Matulungan nawa natin ang isa't isa.

2. CCC, 2013: ... Ang lahat ay tinatawag sa kabanalan: "Maging ganap kayo tulad ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit" (Mt 5:48). Upang matamo ang ganitong ganap na kabanalan, kailangan ng mga mananampalataya na gamitin ang kanilang lakas, ayon sa sukat ng kaloob ni Kristo . . . bilang pagtulad sa kanyang larawan at pagtalima sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Sa ganitong paraan, ang kabanalan ng Bayan ng Diyos ay magbubunga ng sagana, tulad ng ipinakikita ng kasaysayan ng Iglesia sa buhay ng mga santo (LG, 40).

3. CCC, 2028: "Ang lahat ng binyagan – ay tinatawag sa puspusang buhay Kristiyano at sa ganap na pag-ibig" (LG, 40). "Ang ganap na kabanalang Kristiyano ay isang hangganan lamang ang di magkaroon ng hangganan" (*S. Gregorio de Nisa, V. Mos.*).

4. CFC, 1925: "Higit pa sa mga nabanggit na, nauunawaan natin na ang kasal bilang inakda ng Diyos ay isang bokasyon, isang tawag upang makibahagi sa sariling buhay-pag-ibig ng Diyos, na ipinahayag sa atin ni Kristo Jesus, at nananahan sa atin sa pamamagitan ng kanyang Katawan, ang Simbahan. Ang pinaka-karaniwang karanasang pantao natin ng Diyos na pag-ibig ay ang ating mga pantaong pag-ibig at mga pakikipagkaibigan..."


5. CFC, 1926: "Ang kasal, kung gayon, ay bokasyon sa higit na ganap na buhay kay Kristo,sa pag-ibig na tinatakan, dinalisay, pinalalim at pinalakas ng Espiritu ng Pag-ibig, ang Espiritu ng Ama at ni

Kristong Muling Nabuhay. Binibigyang-diin ng *Vaticano II* na "ang lahat ng Kristiyano, anuman ang katayuan sa buhay, ay tinatawag sa lubos na buhay-Kristiyano at sa kaganapan ng pag-ibig. Sa pamamagitan ng kabanalang ito, magkaroon nawa sa mundo ng higit na makataong paraan ng pamumuhay" (LG, 40).

6. PCP-II, 435: "Mayaman man o mahirap, may trabaho man o wala, propesyonal man o hindi, anuman ang katayuan sa lipunan, lahat ng mga layko'y tinawag na magpahilom at magpanibago sa lipunan...Kailangang umasa sila sa isa't isa, pasanin nila ang mga suliranin ng bawat isa."

7. Rosa S. Paor, Office on Cultural Heritage: Mahal tayo ng Diyos, sa araw-araw kung ating pag-uukulan ng pansin ang biyayang tinatanggap natin ay sobra-sobra. Pero tayo ba sa kanyang mga tawag ay tumatalima, lalo na sa panahon na tayo ay walang problema sa buhay? Kung minsan ay may mga mabibigat tayong suliranin lalo na sa mga panahong parang nalilimutan natin Siya. Ang mga iyon ay pagtawag Niya sa atin. Hindi

ba't sa gayong mga pagkakataon ay nagiging mahahaba at higit na mataimtim ang ating mga dalangin? Tinatawag tayo ng Diyos dahil gusto niyang ibahagi lagi ang pag-ibig niya sa atin. Bilisan natin ng pagtugon at pagtalima sa kanyang mga pagtawag at baka mahuli na, sapagkat nadadama na natin na tayo'y nawawalan na ng lakas at kakayahang lumapit sa kanya. Habang maaga tularan natin si San Pedro. Sikapin nating laging malapit sa Kanya upang higit nating madama ang Kanyang mapagpalang pag-ibig.



## IKALAWANG ARAW

# ANG PAGPAPAHAYAG NI PEDRO NA SI KRISTO ANG SALITA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN AT ANG PAGLISAN NG MARAMING TAO

**Pagbasa mula sa Ebanghelyo ayon kay San Juan:** (Jn 11:27)

"Opo, Panginoon!" sagot niya. "Nananalig ako sa inyo. Kayo po ang inaasahang paparito sa sanlibutan."

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Jn 6:60-68; Mt 16:16)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Nabatid ni Pedro na si Kristo ang tanging daan, ang katotohanan at ang buhay. Tulad ni Pedro, kailangang maintindihan natin na walang kabuluhan ang buhay kung malayo tayo sa Diyos. Sa ating pagtahak sa paglalakbay sa pananampalataya, darating ang panahong maiintindihan natin nang ganap na ang ating puso'y walang kapayapaan hanggang hindi ito nahihimlay sa Diyos. Nanatili si Pedrong kasama ni Jesus kahit sa sandali ng kahirapan. Ang ating pananampalataya kay Kristo'y nararapat na

manatili kahit sa sandali ng mga matitinding hamon at pagsubok sa buhay.

2. CCC, 453: "Ang pangalang Kristo ay nangangahulugan ng "*pinahiran*," "*Mesiyas*." Si Jesus ay ang Kristo sapagkat pinahiran siya ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan (Gw 10:38). Siya "ang darating" (Lu 7:19), ang "hinahangad ng Israel"(Gw 28:20)."

3. CCC, 454: "Ang ibig sabihin ng salitang Anak ng Diyos ay ang kaugnayang kaisa-isa at walang hanggan ni Jesukristo sa kanyang walang hanggang Ama (Jn 1:1). Upang maging Kristiyano, kailangang sumampalataya na si Jesukristo ay ang Anak ng Diyos (Gw 8:37; 1 Jn 2:23)."


4. CFC, 531: "Ano ba ang kinakailangan upang "makilala" si Jesukristo? Ang makilala si Kristo ay isang banayad, panghabang-buhay at laging pinalalalim na ugnayang personal kay Jesus ng mga Ebanghelyo; na kapiling natin ngayon sa

maraming paraan bilang Kristong Muling Nabuhay. Gayunpaman, ang "pakikipagkilala kay Kristo" ay nangangahulugan ng pagtataya ng sarili sa Kanya, bilang kanyang disipulo."

5. CFC, 528: "Ang mga dimensyong ***moral*** ng misyon ni Kristo at pagkakakilanlan sa kanya ay di-mabilang. Ang persona ni Kristo bilang Anak at Tagapagligtas ang nagiging *pangunahing pamantayan* sa pamumuhay ng Kristiyanong pagkilos. Sa kanyang pagbabagong-anyo, maliwanag na ipinakita ang ugnayan sa pagitan ng katotohanan ng doktrina at moral na pagkilos. Ang katotohanang, 'Ito ang minamahal kong Anak,' ay sinusundan agad ng kautusang moral, 'Pakinggan ninyo siya!'" (Mc 9:7)

6. Precila P. Guinto, Parish Social Ministry: Sa ating buhay, kinamulatan na natin na marami tayong hinahanap, pakiramdam na laging may kulang at hindi makuntento sa kung ano ang meron. Idalangin natin sa Panginoong Diyos na mabuksan sa kanya ang ating puso. Ang presensiya ng Banal na Espiritu sa ating panahon ang kasagutan sa walang tigil nating paghahanap

at pagtatanong. Matibay na pananampalataya at pagtitiwala sa kanyang kapangyarihan ang daan para sa panatag na pamumuhay. Isang katiyakan na kapag ang banal na Espiritu na ang gumagalaw sa ating buhay ang lahat ay magiging makabuluhan at makulay. Mahirap man na pagsubok dahil tayo'y kumikilala sa Diyos at sa kanyang kabutihan, ito'y patuloy nating mapagtatagumpayan.



## IKATLONG ARAW

# ANG PAGTATATATAG NI KRISTO SA SIMBAHAN AT PAG-AATAS KAY PEDRO, ANG BATO, AT PAGBIBIGAY SA KANYA NG MGA SUSI NG KAHARIAN NG LANGIT

**Pagbasa mula sa Ebanghelyo ayon kay San Juan:** (Jn 1:42)

At si Pedro'y isinama ni Andres kay Jesus. Tiningnan ni Jesus si Simon at sinabi sa kanya, "Ikaw si Simon na anak ni Juan. Ang ipangangalan sa iyo'y Cepas." (Ang katumbas ng pangalang ito'y Pedro.)"

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mt 16:13-20; Mc 8:27ss; Lu 9:18ss)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Iniligtas ni Kristo ang tanan sa pamamagitan ng kanyang misteryo paskwal. Subalit nais ni Kristong ipagpatuloy ang kanyang gawaing pagliligtas sa pamamagitan ng simbahang itinatag niya kay Pedro. Tinawag at tinipon niya ang mga tao upang maging bahagi ng Simbahang Katolika nang sila'y makapagpatuloy ng gawain ni Kristo sa pagtatatag ng kanyang kaharian sa lupa.


2. CCC, 773: "Sa Iglesia – ang pakikiisang ito ng mga tao sa Diyos sa pamamagitan ng 'pag-ibig na di magmamaliw kailanman'" (1 Cor 13:8) ay layunin na nag-aayos ng lahat ng paraang sakramental na may kaugnayan sa daigdig na lumipas (cf LG, 48). "Ang kanyang pagkakabalangkas ay pawang nakalaan sa ikapagiging banal ng mga kaanib ni Kristo. Ang kabanalan ay inaaring gawain ng 'Dakilang Misteryo' na dito ang Esposa ay tumutugon sa pagmamahal ng Esposo..."

3. CFC, 1445: "Paano natin dapat maunawaan ang Simbahan? Ang Simbahan ay hindi lamang organisasyong pantao, kundi 'ang Bayan ng Diyos na sama-samang tinawag Niya.' Binubuo ito ng lahat na tinawag sa *personal na pakikipag-isa* kay Kristo at sa bawat isa, at bilang "kaisa ng **Anak**, sa pag-ibig ng **Espiritu** [kaya] kaisa rin sa **Ama**" (CL, 18). Samakatuwid, ang simbahan ay "*misteryo*," isang katotohanang nakasentro sa Diyos sa kanyang simula, sa patuloy na buhay, at sa huling hantungan."

4. CFC, 1465: "Paanong ang Birhen Maria ay 'Huwaran' ng Simbahan? Si Maria ay pinagpupugayan bilang Huwaran ng Simbahan dahil siya ang: unang tumanggap ng pahayag ng Ebanghelyo at unang tinubos: ang pinaka-dakilang alagad ni Kristong kanyang Anak, huwaran ng Pananampalataya pareho bilang birhen at ina..."

5. Merle C. Fontanilla, Coordinator, Parish Pastoral Council: Nagtatag si Kristo ng iisang simbahan lamang: ang Iglesia Katolika at hindi ng kalipunan ng mga naglalaban na mga sekta. Ang kanyang simbahan ay banal ngunit hindi nangangahulugan na palaging banal ang bawat kasapi nito. Wala ring katiyakan na lahat ay mapupunta sa langit dahil sa loob nito ay may mga banal at may mga kasalanan. Ang simbahan ang natatanging daan upang dumaloy sa atin ang mga biyaya na itinatag ng Panginoong Hesuskristo: ang mga Sakramento. Sa panahong ito napakarami nang nagsulputan na iba-ibang

relihiyon at ang bawat isa ay nakikipaglaban upang mabigyan pansin. Gayon pa man iisang tinig ang nangingibabaw sa lahat: ang Iglesya Katolika. Isang dakilang pagkakataon ang ibinibigay sa atin ni Kristo upang matupad natin ang kanyang ipinag-uutos at ito'y sa pamamagitan ng kanyang Simbahan.



## IKAAPAT NA ARAW

# PINALAKAD NI KRISTO SI PEDRO SA IBABAW NG TUBIG AT ANG PAG-AALINLANGAN NG PANANAMPALATAYA NI PEDRO

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Mateo** (Mt 14:22-33)

Agad pinasakay ni Jesus sa bangka ang kanyang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo samantalang pinauuwi niya ang mga tao. Pagkaalis ng mga ito, umahon siya sa burol upang manalangin. Nag-iisa siyang inabot doon ng gabi. Samantala, nasa laot na noon ang bangka at sinasalpok ng mga alon sapagkat pasalungat sa hangin. At nang madaling-araw na'y sumunod sa kanila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig. "Multo!" sigaw nila. Ngunit agad siyang nagsalita at sinabi sa kanila, "Huwag kayong matakot; si Jesus ito!" At nagsalita si Pedro, "Panginoon, kung talagang kayo iyan, papariyanin ninyo ako sa ibabaw ng tubig." Sumagot siya, "Halika." Kaya't lumusad si Pedro sa bangka at lumakad sa ibabaw ng tubig, palapit kay Jesus. Ngunit nang mapansin niya ang hangin, siya'y natakot at nagsimulang lumubog. "Sagipin ninyo ako, Panginoon!" sigaw niya. Agad siyang inabot ni Jesus. "Napakaliit ng iyong pananalig!" sabi niya kay Pedro. "Bakit ka nag-aalinlangan?" Pagkasakay nila sa bangka, tumigil ang hangin. "Tunay na kayo ang Anak ng Diyos!" sabi nila.

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mc 6:45-51; Jn 6:16-21)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Nag-alinlangan ang pananampalataya ni Pedro nang matakot siyang malunod. Katulad ni Pedro, nakararanas din tayo ng mga bagyo sa ating buhay. Humaharap tayo sa mga suliranin at hamon sa buhay. Mahalaga ang aral na nakita at natutunan natin mula kay Pedro. Nang maramdaman niya ang malakas na bugso ng hangin, naagaw ang kanyang pagtanaw kay Jesus at nagsimula itong lumubog. Sa sandali ng mga hamon sa ating buhay, nararapat ituon natin ang pansin kay Jesus.

2. CCC, 162: Ang pananampalataya ay isang libreng kaloob na ibinibigay ng Diyos sa tao. Ang biyayang ito na walang kahulilip ay maaaring mawala sa atin; pinaalalahanan ni San Pablo si Timoteo hinggil dito: "Ipaglaban ang mabuting pakikibaka, ingatan ang pananampalataya at ang matuwid na budhi; may mga ilan na dahil sa di pagtanggap dito, ay nawalan ng pananampalataya." Upang mabuhay, umunlad at manatili hanggang wakas sa pananampalataya,

dapat ingatan ito; dapat "kumilos nang dahil sa pag-ibig" alalayan ito sa tulong ng pag-asa at nakaugat sa pananampalataya ng Simbahan.

3. CCC, 164: Gayon man, ngayon ay "naglalakbay tayo sa daan ng pananampalataya at di sa pangitain" (2 Cor 5:7), at nakikilala ang Diyos tulad sa isang salamin, sa paraang malabo at di ganap (1 Cor 13:12). Bagama't maliwanag ang pananampalataya sa naniniwala, gayon man malimit ito'y may kalabuan sa buhay. Sapagkat ang pananampalataya ay maaaring subukin. Ang daigdig na ating tinitirahan ay malimit tila malayo sa itinuturo ng pananampalataya; ang mga karanasan natin ng kasamaan at kahirapan, ng mga paglabag sa katarungan at ng kamatayan ay tila taliwas sa Mabuting Balita ng Diyos; dahil dito ang ating pananampalataya ay maaaring malagay sa pagsubok at pagkasira.

4. CFC, 160: Ang pananampalataya ay isang katotohanang tumitimo sa ating *buong pagkatao*-sa ating mga *isipan* (mga paninindigan), sa ating mga *kamay* at *kalooban* (gawaing may pagtatalaga) at sa ating *puso* (pagtitiwala). Ang *nilalayong* aspeto ng pananampalatayang Kristiyano na binigyang-

anyo sa Aral-Pananampalataya (ang Kredo), Asal-Pamumuhay (ang mga Utos) at Pagsamba (ang mga Sakramento) ay nagpapakita rin sa *kabuuan* ng pananampalataya. Samakatuwid, ang *Pananampalatayang Kristiyano ay hindi isang bagay na kalat.* Isa itong maalab na uri ng pamumuhay na nag-uugnay sa ating mga isipan, puso at kalooban na may kasamang Aral-Pananampalataya, Asal-Pamumuhay at Pagsamba sa gitna ng isang nagpapatuloy na sambayanan ng mga kapwa-alagad ni Kristo.

5. CFC, 162: "Ano ang kahulugan ng 'pananampalataya' sa pang-araw-araw na buhay? Ang pananampalataya sa malawak na kahulugan ay ang paraan ng ating pagkilala, pagtanggap at positibong pakikipag-ugnayan sa iba, lalo na ang pagtitiwala, pagmamahal, at katapatang nararanasan natin sa pamilya at mga pakikipagkaibigan."

6. Ginie G. Altamarino, Ministry on Faith Formation: Tunay na makapangyarihan ang Pangiοon! Sa lahat ng mga pagsubok na dumarating sa ating buhay, mga suliranin sa kalusugan, pag-iisip, trabaho, relasyon,

pananampalataya, at iba pa, kung tayo'y nananalig na nariyan ang Panginoon para damayan tayo, gagaan at malulutas ang ating problema. Kung minsan, ang pagtugon ng Panginoon sa ating mga panalangin at kahilingan ay nariyan na subalit hindi natin napapansin dahil sa kakulangan natin sa pagkilala sa kanyang kakayahan. Mas umiiral sa isip natin na tayo'y pinabayaan ng Diyos. Buksan natin ang ating puso at papasukin si Kristo. Hayaan nating ang Diyos ang gumalaw sa ating buhay. Higpitan ang kapit at huwag bibitaw sa kanya. Ipaparamdam Niya ang kagaanan ng buhay at bubuhos ang biyaya sa tamang panahon.



## IKALIMANG ARAW

# ANG KAHINAAN NI PEDRO AT PAGTANGGI NIYANG KASAMA SIYA NI JESUS

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Mateo** (Mt 26:69-75)

Samantala, si Pedro'y nakaupo sa patyo. Nilapitan siya ng isang alilang babae at ang sabi, "Kasama ka rin ni Jesus na taga-Galilea, hindi ba?" Ngunit itinanggi niya ito sa harapan ng lahat "Wala akong nalalaman sa sinasabi mo," sagot niya. Pumunta sa may pintuan si Pedro. Nakita siya ng isa pang alilang babae at sinabi sa mga naroon, "Ang lalaking ito'y kasama ni Jesus na taga-Nazaret." Muli siyang tumanggi: "Isinusumpa ko, hindi ko nakikilala ang taong iyan." Mayamaya'y lumapit kay Pedro ang mga naroon. Sinabi nila, "Isa ka nga sa kanila. Nakikilala sa iyong pagsasalita." "Mamatay man ako, talagang hindi ko nakikilala ang taong iyan," sagot ni Pedro. Siya namang pagtilaok ng manok. At naalaala ni Pedro ang sabi ni Jesus, "Bago tumilaok ang manok, makaitlo mo akong itatatwa." Lumabas siya at nanangis nang buong kapaitan.

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mc 14:66-72; Lu 22:55-62; Jn 18:17ss)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. CCC, 1849: Ang kasalanan ay isang sala laban sa katuwiran, katotohanan, matuwid na konsensiya; isang pagkukulang sa tunay na pag-ibig sa Diyos at kapwa, dahil sa masamang pagkahilig sa ilang bagay. Sinasaktan ang kalikasan ng tao at nagbabanta laban sa kaisahan ng tao. Ipinaliwanag ito "bilang isang salita, akto o hangarin labag sa kautusang walang hanggan" (San Agustin, Faust 22, 27; Santo Tomas de Aquino, STh. 1-2, 76, 6).

2. CCC, 1850: Ang kasalanan ay isang paglapastangan sa Diyos: "Sa iyo lamang ako nagkasala, at nakagawa ng masama sa iyong harapan" *(Slm 51:6)*. Ang kasalanan ay lumalaban sa pag-ibig ng Diyos sa atin at inilalayo sa kanya ang ating mga puso. Tulad ng unang kasalanan, ay isang pagsuway, isang paglabag sa Diyos, sanhi ng hangaring 'matulad sa Diyos.' upang makilala at maunawaan ang mabuti at ang masama (Gn 3:5). Kaya ang kasalanan ay pagmamahal sa sarili at paghamak sa Diyos" (San Agustin, civ. 1, 14, 28). Dahil sa pagyayabang na ito, ang kasalanan ay lubusang salungat sa pagsunod kay Jesus na gumaganap ng kaligtasan (cf Fil 2:6-9).

3. CCC, 1869: Kaya sa kasalanan, ang mga tao ay nagiging kasangkot sa isa't isa, pinaiiral sa kanila ang hilig sa kahalayan, ang karahasan at ang pagmamalabis. Ang mga kasalanan ay nagdudulot ng mga situasion sosyal at mga balangkas na laban sa kabutihan ng Diyos. Ang "mga balangkas ng kasalanan" ay pahayag at bunga ng mga kasalanang personal. Hinihikayat ang kanilang mga biktima na gumawa ng masama. Sa isang kahulugang analohiko ay lumilikha ng isang "kasalanang sosyal."

4. CFC, 761: Ngunit higit pa sa katotohanan ng kasalanan, kailangan nating kilalanin ang kasalanan hindi lang bilang "may ginagawang masama," o "may ginagawang mali" na kaya nating iwasto kahit anong oras. Inilarawan ito ni San Juan Pablo II sa sumusunod: Malinaw na bunga ng kalayaan ng tao ang kasalanan. Ngunit sa kailaliman ng kanyang pantaong katotohanan may ilan pang mga kumikilos na dahilang naglalagay sa kanyang maging higit sa pantao lamang. Nailalagay ito sa hangganan na kung saan dumadaiti ang pantaong budhi, kalooban at damdamin sa mga kapangyarihan ng dilim na, batay kay San Pablo, ay kumikilos sa daigdig na


halos nasa bingit ng pagkakaroon ng kapangyarihan (Rec. Paenit., 14).

5. CFC, 762: Sa paraang pabuod, kasama ni San Agustin, maaari nating bigyang kahulugan ang kasalanan bilang "isang kataga, isang gawa o isang pagnanasang taliwas sa walang-hanggang batas" (cf CCC, 1849). Maaari din nating maibalangkas ang mga pangunahing bagay tungkol sa kasalanan tulad ng: ***pagtangging sumunod sa tawag ng sarili nating budhi tungo*** *sa mabuti;* ***pagtatakwil sa Diyos,*** ang ating Manlilikha at Panginoon, at sa ***ating tunay na sarili at sa iba,*** sa pamamagitan ng pagtalikod sa Diyos, na tunay nating hantungan; at ***paglabag sa mapagmahal na Tipan ng Diyos*** sa atin na ipinakita kay Jesukristong namatay at muling nabuhay para sa atin.

6. CFC, 763: Binibigyang-babala tayo ng Kristiyanong pananampalataya tungkol sa saligang katotohanan na tayo ay "hindi malusog," at tayong lahat ay lubhang nangangailangan ng isang manggagamot na "magpapagaling sa atin." Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan. Kung ipinapahayag natin ang ating mga

kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid. Kung sinasabi nating hindi tayo nagkakasala, ginagawa nating sinungaling ang Diyos, at wala sa atin ang kanyang salita (1 Jn 1:8-10).

7. Nancy Guinto, Ministry on Prayer: Katulad ni Pedro tayo ay makasalanan. Isinisilang pa lamang tayo ay karga-karga na natin ang kasalanang minana sa unang magulang natin, na sina Eva at Adan dahilan sa pagsuway. Kapag tayo ay marupok, makamundo at takot harapin and katotohanan, tayo'y makasarili. Si Jesukristo ay itinatakwil natin. Kaya bantayan natin ang pag-iisip at paggawa sa araw-araw. Iwasan natin ang magpadalos-dalos sa pagdedisisyon at kailangang magnilay upang gawin ang tama at itakwil ang masama, nang ang buhay ay masaya at mapayapa. Pawiin nawa sa ating puso ang bangis ng impiyerno at matutuhan ang tunay na pag-ibig sa Diyos hanggang sa oras ng kamatayan.



## IKA-ANIM NA ARAW

# ANG PAG-AATAS NI KRISTO KAY PEDRO NA MANALANGIN AT MAGBANTAY

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Marcos:** (Mc 14:37-42)

Nagbalik si Jesus at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, "Natutulog ka, Simon? Hindi ka ba makapagbantay kahit isang oras man lang? Magpuyat kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda, ngunit ang laman ay mahina." Muling lumayo si Jesus at nanalangin, at ang dati niyang kahilingan ang siyang sinambit. Nagbalik siyang muli sa kanyang mga alagad at naratnan na namang natutulog, sapagkat sila'y antok na antok. At hindi nila malaman kung ano ang kanilang sasabihin sa kanya. Sa ikatlong pagbabalik niya ay kanyang sinabi sa kanila, "Tulog pa ba kayo hanggang ngayon? Kayo ba'y namamahinga pa? Tama na! Dumating na ang oras na ang Anak ng Tao'y ipagkakanulo sa masasama. Tayo na't narito na ang magkakanulo sa akin!"

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mt 26:-36ss; Lu 22:40-46)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Ang pagiging mabuting tao at kristiyano ay hindi madali. Kailangan nating laging nagbabantay. Katulad ni Pedro, tayo ay madadaig ng tukso kung hindi tayo magbabantay, kung hindi tayo mananalangin at kung hindi tayo iiwas sa pang-aakit ng kasalanan. Lahat ay nakakaranas na matukso. Hindi mawawala ang tukso. Kaya nga ang pagiging Kristiyano ay hindi madali. Kailangan nating pakinggan ang payo ni Kristo kay Pedro na manalangin at magbantay.

2. CCC, 2742: "Laging manalangin... sa lahat ng sandali at para sa lahat ng bagay ay magpasalamat sa ngalan ng Panginoong Hesus sa Amang Diyos." At dagdag pa ni San Pablo, "Manalangin sa lahat ng sandali sa Espiritu, lahat ng kahilingan at panalangin. Sa layuning ito ay maging handa na may pagtitiyaga at ipagdasal ng lahat ng mga banal." Sapagkat "ang iniuutos sa atin ay hindi ang walang tigil na paggawa o pagbabantay o pag-aayuno kundi na tayo ay

manalangin ng walang humpay." Tanging sa pag-ibig lamang magbubuhat ang ganitong walang pagod na kasidhian. Laban sa ating katawan at kamangmangan, ang pakikibaka ng panalangin ay ang kapakumbabaan, pananalig at walang humpay na pag-ibig. Ang pag-ibig na ito ay nagpapakilala sa ating puso ng tatlong katotohanang nagbibigay liwanag at buhay sa panalangin.

3. CCC, 2744: Ang panalangin ay isang pangangailangan sa buhay: kapag hindi natin pinayagang gabayan tayo ng Espiritu, tayo ay babalik sa pagkaalipin sa kasalanan. Paanong ang Banal na Espiritu ay magiging buhay natin kung ang puso natin ay malayo sa kanya?


   Walang maihahambing sa panalangin; ang hindi mangyayari ay pinapapangyari nito, ang mahirap ay ginagawang madali... Hindi mangyayari, lubhang hindi mangyayari, na ang isang nananalangin ng mataimtim at walang patid sa Diyos ay magkasala. (San Juan Crisostomo, De Anna 4, PG 54, 666)

Ang mga nananalangin ay walang alinlangan maliligtas; ang mga hindi nananalangin ay tiyak na mapapahamak. (San Alfonso Ligorio)

4. CFC, 2193: Nasa "sariling pagpapasya" ng tao kung magpapadala siya sa tukso o hindi. Wika ni Kristo, "Kung saan naroon ang inyong kayamanan, naroon din naman ang inyong puso...walang makapaglilingkod ng sabay sa dalawang panginoon" (Mt 6:21, 24). Kailangang hingin natin dito ang tulong ng Espiritu Santo upang ilapit ang ating mga puso sa kung ano ang mabuti "Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay sa atin kaya ito rin ang dapat maghari sa ating mga buhay" (Ga 5:25). Tinitiyak sa atin ni San Pablo na "tapat ang Diyos, hindi niya ipahihintulot na kayo'y subukin ng higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon" (1 Cor 10:13; Tingnan CCC, 2848).

5. CFC, 2194: Hindi magaganap ang gayong tagumpay laban sa tukso kung wala ang panalangin, gaya ng nakikita natin sa sariling halimbawa ni Kristo. Kaya nga labis na iginigiit ni Kristo ang "pagiging mapagbantay." "Mag-ingat kayo at maging handa" (Mc 13:9, 23, 33-37). Dapat tayong "huwag… magsasawa sa pananalangin… gawin… itong mataimtim at may pasasalamat" (Co 4: 2). At binabalaan tayo ni San Pedro: "Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananalig sa Diyos… ang Diyos na bukal ng lahat ng pagpapala, ang siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan at isang saligang matibay at di-matitinag. (1 Ped 5:8-10; Tingnan CCC, 2849).

6. Senen Z. Pandi, Member of Parish Finance Council: Bilang mga mabuting kristiyano, tayo ay may tungkulin na sundin ang batas ng Diyos, pero iilan na lang ang gumagawa nito? At kahit ang gawaing mangilin at mag-ayuno tuwing kuwaresma ay nahihirapan pa rin tayong gawin. Gaano lang ito kung ikukumpara sa hirap na tiniis ng Panginoon na buhay ang pinuhunan para tayo ay matubos sa ating mga kasalanan? Para magawa natin ang mga kagustuhan ng Diyos at mamuhay tayo bilang mga mabuting anak Niya, ugaliin nating magdasal lagi upang magkaroon tayo ng lakas na sundan ang Kanyang mga yapak at malabanan ang mga tukso sa ating paligid na nagpapahiwalay sa atin kay Kristo. Dasal ang ating pananggalang sa buhay upang tayo ay manatili sa Kanya.



## IKA-PITONG ARAW

# ANG PAGBABALIK-LOOB NI PEDRO AT PAGPAPATAWAD NI KRISTO

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Lucas:** (Lu 22:55-62)

Nang maparikit na ang apoy sa gitna ng patyo, naupo sa paligid ang mga taong naroon; si Pedro nama'y nakiumpok sa kanila. Nakita siya ng isang utusang babae at siya'y pinagmasdang mabuti. "Kasama rin ni Jesus ang taong ito!" sabi niya. Ngunit itinatwa ito ni Pedro. "Aba, hindi!" sagot niya. "Ni hindi ko siya nakikilala!" Pagkaraan ng ilang sandali, napansin siya ng isang lalaki at nagtanong ito, "Isa ka rin sa kanila, ano?" Ngunit sumagot siya, "Nagkakamali kayo, Ginoo!" Pagkalipas ng humigit kumulang na isang oras ay iginiit naman ng isa, "Kasama nga ni Jesus ang taong ito. Isa rin siyang Galileo." Ngunit sumagot si Pedro, "Ginoo, hindi ko nalalaman ang sinasabi ninyo!" Nagsasalita pa siya nang tumilaok ang manok. Lumingon ang Panginoon at tinitigan si Pedro. At naalala nito ang sinabi ng Panginoon, "Bago tumilaok ang manok sa araw na ito ay makaitlo mo akong itatatwa." Lumabas si Pedro at nanangis nang buong saklap.

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Mt 26:69-75; Mc 14:72; Jn 18:16ss)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Nagsisi at nagbalik-loob si Pedro. Pinatawad siya ni Kristo. Walang mabigat na kasalanan na hindi patatawarin ng Diyos. Tulad ni Pedro, magawa nawa nating aminin ang ating pagiging makasalanan at tayo'y patatawarin ng Diyos. Tulad ni Pedro, nararapat nating makita ang ating mga kahinaan at mapagsikapang makapagbago sa tulong ng biyaya mula sa Diyos upang tayo'y lumago at maging mabuting mga tao at Kristiyano.

2. CCC, 1431: Ang pagsisising panloob ay isang pagbabagong radikal ng buong buhay, ang pagbabalik-loob sa Diyos ng buong puso natin, isang pagkalas mula sa kasalanan, ang pagtalikod sa masama, nang may pagkamuhi sa mga masamang nagawa natin. Kasama nito, nabubuhay ang hangarin at pagtitika na magbago ng buhay, taglay ang pag-asa sa awa ng Diyos at pananalig sa tulong ng kanyang grasya.

Ang pagbabalik-loob na ito ng puso ay kaagapay ng lungkot at hapis na nakaliligtas na tinatawag ng mga Santos Padres "animi cruciatus" (hapis ng espiritu) "compunction cordis" (pagsisisi ng puso).

3. CCC, 1432: Ang puso ng tao ay walang muwang at mahirap supilin. Kailangang bigyan ng Diyos ang tao ng panibagong puso. Ang pagbabalik-loob, una sa lahat, ay gawa ng grasya ng Diyos na siyang nagpapabago sa ating mga puso: "Loobin mong magbalik-loob kami sa iyo, Panginoon, at kami ay magbabalik-loob." Ang Diyos ay siyang nagbibigay sa atin ng lakas upang magpasimula uli. Sa pagkilala ng kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos, ang ating puso kinikilabutan sa harap ng sama at bigat ng kasalanan at nagsisimulang matakot na magkasala sa Diyos dahil sa kasalanan at makitang humiwalay sa kanya. Ang puso ng tao ay nagbabagong-loob kung makita ang pinaglagusan ng ating kasalanan..."

4. CCC, 1490: Ang gawaing magbalik sa Diyos, na pinamagatang pagbabalik-loob at pagsisisi ay nagpapahiwatig ng isang lungkot at pagkamuhi sa mga kasalanang nagawa, sampu ng matalik na pagtitika na di na magkasala. Kaya ang pagbabalik-loob ay nakatuon sa nakaraan at haharapin; nakasalalay sa pag-asa sa awa ng Diyos.

5. CFC, 1797: Maraming dimension ang ating pang-araw-araw na Kristiyanong pagbabagong buhay. Likas nating iniisip na tumalikod sa makasariling pagsisikap na tugunan ang ating mga pangangailangan, tungo sa mapagmahal na paglilingkod sa kapwa (moral na pagbabagong-buhay). Sa pagbabagong iyan ay nasasangkot ang ating mga damdamin, emosyon at imahinasyon upang itaguyod ang isang mapagbigay na pagmamahal na malabanan ang mga tuksong humusga, labis na amor propio, sobrang pagkamaramdamin, pagkamuhi at kapalaluan (pandamang pagbabagong-buhay). Ngunit ang

pagpapalit ng direksiyon ng ating mga pandama ay tatagal lamang kung nakasalig ito sa paraan ng ating pag-unawa at pagpasya sa pangunahing kahulugan at kahalagahan ng ating buhay (pangkaisipang pagbabagong-buhay). Bawat pagbabagong-buhay na ito ay may ambag sa ikaapat na uri na tunay ngang "umiibig sa Diyos" (panrelihiyong pagbabagong-buhay). Nagaganap ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, kapag tayo ay malayang tumugon sa pagbibigay ng Ama ng sarili, sa pamamagitan ni Jesukristong kanyang Anak, sa Espiritu Santo ng kanilang walang katapusang PAG-IBIG.

6. Merle C. Fontanilla, Coordinator, Parish Pastoral Council: Ang lahat ng ginagawa natin, hayagan man o patago, ay hindi nalilingid sa Diyos. Maging ang ating mga damdamin ay kanyang natatalos. Kaya hindi natin maitatago ang kasalanan. Oo nga at lahat ay nakikita ng Diyos, walang nalilihim, ngunit kung masilip man niya ang ating mga "gasgas" at mga "kalawang" handa naman niyang hilumin at linisin ang mga iyon kung ipauubaya natin sa kanya.

Si Pedro man ay nakitaan ng mga kapalpakan: muntik na siyang malunod sa dagat nang malambungan ng takot ang kanyang tiwala sa Panginoon at nang kailangan siya ni Hesus kanyang itong itinatwa at iniwan. Ngunit nang siya ay natauhan bumangon mula sa pagkadapa at nagbalik loob. Nagsisi nang lubos at iyon ay naging katanggap-tangap naman sa Diyos.

Baka tayo ay may mga lihim na kasalanan na nagpapahirap sa ating buhay. Maaaring nakasanayan na natin na dala-dala iyon subalit ang epekto ay patuloy nating iniinda. Bakit kailangan laging bitbit ang kabigatang iyon gayong pwede naman pakawalan? Nakaantabay lang ang Diyos. Laging naghihintay na tayo'y humakbang pabalik sa kanya. Katulad ni Pedro buksan natin sa harap niya ang ating nababagabag na puso at aminin at pagsisihan ang ating nagawa. Hindi naman siya mahirap kausap dahil kung may mata siya na nakakakita ng lahat, meron din siya ng puso na punong-puno ng awa.



## IKA-WALONG ARAW

# ANG PAGKAPIIT KAY PEDRO; ANG PAGTALIMA NI PEDRO SA KALOOBAN NG DIYOS KAYSA SA KAGUSTUHAN NG TAO

**Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol:** (Gawa 12:1-11)

Nang panahong ding iyon, sinimulang usigin ni Haring Herodes ang ilang kaanib ng Iglesia. Pinapugutan niya si Santiago na kapatid ni Juan. Nang makita ito'y ikinalugod ng mga Judio, si Pedro naman ang kanyang ipinadakip. (Nangyari ito noong Pista ng Tinapay na Walang Lebadura.) Pagkadakip kay Pedro, ito'y ikinulong at pinabantayan sa apat na pangkat ng tig-aapat na kawal. Ang balak ni Herodes ay iharap siya sa bayan pagkatapos ng pista, kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Samantala, siya'y taimtim na ipinanalangin ng Iglesia. Gabi noon. Si Pedro'y natutulog sa pagitan ng dalawang kawal. Gapos siya ng dalawang tanikala at may mga tanod pa sa harap ng pinto ng bilangguan. Siya'y nakatakdang iharap ni Herodes sa bayan kinabukasan. Walang anu-ano'y lumitaw ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag na mabuti ang silid-piitan. Tinapik niya sa tagiliran si Pedro at ginising. "Bumangon ka, dali!" wika ng anghel. Pagdaka'y nakalag ang mga tanikala sa kanyang mga kamay. "Magbigkis ka't magsuot ng panyapak," sabi ng anghel. Gayon nga ang kanyang ginawa. Sinabi pa sa

kanya ng anghel, "Magbalabal ka't sumunod sa akin." Lumabas naman si Pedro at sumunod sa kanya, ngunit hindi niya alam kung tunay ang nangyayari. Ang akala niya'y nananaginip lamang siya. Nakalampas sila sa una at pangalawang bantay; nakarating sila sa pintuang bakal na labasan patungo sa lunsod. Ito'y kusang nabuksan, at lumabas sila. Pagkaraan nila sa isang kalye, biglang nawala ang anghel. Naliwanagan si Pedro sa nangyari kaya't sinabi niya, "Ngayon ko natiyak na totoo palang lahat! Sinugo ng Panginoon ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa inaasahan ng mga Judio na mangyayari sa akin."

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Gawa 5:17-32)*

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Narinig ni Pedro ang pagtawag ng Diyos na siya'y paglingkuran. Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. Kinakailangang maintindihan natin na kailangan natin ang ating kapwa tao at makapaglingkod sa Simbahan sa

abot ng ating kakayanan. Nararapat na makapaglingkod tayo sa ibang tao maliban sa sarili nating mga mahal sa buhay at pamilya. Maraming taong nangangailangan. Kailangan ng mga maglilingkod sa ating parokya at tutulong sa mga gawain ng mga pari. Nararapat tayong maging bahagi ng mga gawain sa parokya at maging mga mabubuti at tapat na mga mananampalataya.

2. CCC, 905: Ang mga layko ay gumaganap din ng misyon ng propeta, "kung ipangangaral si Kristo sa pamamagitan ng kanilang patotoo ng buhay at salita." Sa mga layko "ang ebanghelisasyong ito ay nagkakaroon ng tanging kakayahan at bisang particular dahil sa ang mga ito ay ginawa sa mga kondisyon pangkaraniwan ng ating daigdig."

3. CCC, 952: "...Ang lahat ng ari-arian ng tunay na Kristiyano ay dapat ituring na isang biyaya para sa iba at dapat ay maging handang ipagkaloob ito at gamitin upang tulungan ang mga nangangailangan at naghihirap na kapwa. Higit sa lahat ang grasya ay kaloob ng Espiritu na


nagpapatuwid at nagpapabanal sa atin. Ang bagong batas ay tinatawag na batas ng pag-ibig sapagkat pinakikilos tayo nang dahil sa pag-ibig na ibinubuhos sa atin ng Espiritu Santo. Ang grasya ng Espiritu Santo ay makapagpapabanal sa atin, alalaong baga, naglilinis ng ating mga kasalanan at ipinagkakaloob sa atin 'ang kabanalan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Kristo at sa binyag.'"

4. CFC, 473: "...Ang pagkilala kay Jesus ay dapat magdulot ng pagkakaiba sa ating mga buhay. Nararapat na sabayan ito ng mapagmahal na paglilingkod sa kapwa ayon sa pananampalatayang buhay (Tingnan San 2:17). Kung hindi'y isa itong kaalamang "nagbubunsod upang magpalalo" sa halip na nakapapagpatibay" (1 Cor 8:1). Ipinapahayag ng PCP II: "mahigpit na pangangailangan sa Pilipinas ang pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga Gawain ng katarungan at pagmamahal" (PCP II, 80).

5. CFC, 940: Natatanto ng maraming Pilipino na mayroong malalim na ugnayan ang pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa ibang tao. Ngunit maraming nakalilitong palagay ang madalas na nagagawa ng iba't ibang tao. Una, may mga taong nag-iisip na maaari nilang tupdin ang dalawang dakilang Utos ng Pag-ibig sa pamamagitan ng pananalangin, mga debosyon at gawang kabanalan. Mahigpit na tinuligsa ni Kristo ang ganitong gawain ng mga Pariseo. Malinaw na ipinauunawa ng Bibliya: "ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid" (1 Jn 4:21). Ngunit maraming "banal" na mga Pilipinong Kristiyano ang kumikilos na tila ba ang kanilang pagpunta sa Simbahan para sa kanilang pandebosyong kabanalan ay maaring pamalit sa kanilang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa. Hindi nila nauunawaang ang kanilang kabanalan ay tunay na maka-Kristiyano lamang kapag kaisa ito ng mapagmahal na paglilingkod sa iba.

6. Merle C. Fontanilla, Coordinator, Parish Pastoral Council: Kung nais ng tao na may marating, kailangan may determinasyon siya sa buhay.

Siguro naman lahat tayo ay meron nito. Ang tanong lang ay: naaayon ba ang ating pamamaraan sa kalooban ng Diyos? Hindi ba nasasalungat ang kanyang mga kautusan? Baka naman pinipilit nating bigyang katuwiran ang ating ginagawa upang mapadali at mangyari ang sarili nating kagustuhan. Hindi nga kayang arukin ng isip ng tao ang mga katotohanang nakapaloob sa salita ng Diyos. Kaya maaaring hindi natin mahagip nang tumpak na tumpak ang nilalaman ng mga iyon. Pero nauunawaan naman ng Diyos ang ating mga “lubak” kung nakakaramdam tayo ng hindi natin kaya, alam niya kaya naman may handa na siyang pampuno. Ganun pa man may mga sandaling ayaw natin siyang pansinin. Nag-aanyo tayong magaling, iniisip natin na mas maganda at mas madali ang sa atin. Kapag umabot tayo sa puntong ito ilalagay niya tayo sa isang sitwasyon na tayo ay mauumpog upang matauhan. Ibayong hirap at pasakit ang darating sa atin at baka may mga kasunod pa. Kaya tara na, yakapin natin ang kanyang kalooban. Huwag magdalawang isip at tiyak ang tagumpay at galak na di-malirip.



IKASIYAM NA ARAW

# SI SAN PEDRO, ANG UNANG SANTO PAPA

**Pagbasa sa Ebanghelyo ayon kay San Juan:** (Jn 21:15-17)

Pagkakain nila, tinanong ni Jesus si Simon Pedro, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit kaysa mga ito?" "Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko kayo," tugon niya. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Pakanin mo ang aking mga batang tupa." Muli siyang tinanong ni Jesus, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?" Sumagot si Pedro, "Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko kayo." Ani Jesus, "Pangalagaan mo ang aking mga tupa." Pangatlong ulit na tinanong siya ni Jesus, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?" Nalungkot si Pedro sapagkat makaitlo siyang tinanong, "Iniibig mo ba ako?" At sumagot siya, "Panginoon, nalalaman po ninyo ang lahat ng bagay; nalalaman ninyong iniibig ko kayo." Sinabi sa kanya ni Jesus. "Pakanin mo ang aking mga tupa."

(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa. Maaaring kunin ang pagbasa mula sa Gawa 15:1-2)

**Pagninilay:**

*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. CCC, 875: "At paano nila sasampalatayanan iyong hindi nila narinig? Paano naman sila makakarinig kung walang nangangaral? Paanong makapangangaral kung walang sinugo?" Walang sino man o pamayanan kaya ang mangangaral ng Ebanghelyo sa sarili, "Ang pananampalataya ay nagbubuhat sa pangangaral." Walang sino mang makapagbibigay sa sarili ng utos o misyon man na mangaral ng Ebanghelyo. Ang sinugo ng Panginoon ay nagsasalita at gumagawa hindi sa sariling kapangyarihan, kundi sa bisa ng kapangyarihan ni Kristo; hindi bilang kaanib ng pamayanan kundi nagsasalita sa ngalan ni Kristo. Walang makapagbibigay sa sarili ng grasya, ito'y dapat ipagkaloob ng iba at ibigay. Ito ay nangangahulugan na dapat magkaroon ng mga ministro ng grasya, na may kapangyarihan at kakayahang galing kay Kristo. Sa kanya tintanggap ang misyon at kapangyarihan ("ang banal na kapangyarihan") na gumawa "sa persona ni Kristong Ulo." Sa pamamagitan ng

paglilingkod na ito, ang mga sinugo ni Kristo ay gumagawa at nagbibigay, sa bisa ng kaloob ng Diyos, ng bagay na di nila kayang gawin at ibigay, na tinatawag ng Iglesia na "Sakramento." Ang paglilingkod sa Iglesia ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng isang tanging sakramento.

2. CCC, 881: Si Simon na binigyan ng Panginoon ng pangalang Pedro at siya lamang, ay bato ng kanyang Iglesia. Ibinigay sa kanya ang mga susi nito; ginawa siyang pastol ng buong kawan. "maliwanag na ang colegio ng mga apostol din, kaisa ng kanilang ulo, at tumanggap ng tungkuling magtali at magkalag na ibingay kay Pedro. Ang tungkuling pastoral na ito ni Pedro at ng ibang mga apostol ay likas sa mga patibayan ng Iglesia. Ipinagpapatuloy pa ng mga obispo sa ilalim ng kataastaasang kapangyarihan ng Papa.

3. CCC, 882: Ang Papa, obispo ng Roma at kahalili ni San Pedro ay "simula at batayang palagian at bisible ng pagkakaisa, ng mga obispo at ng karamihang binyagan." CCC 813, "Ang esensya ng Iglesia ay pagkakaisa"...; CCC, 815: Alin-alin

ang mga buklod ng pagkakaisa? "Higit sa lahat, magbihis kayo ng pag-ibig na siyang buklod ng ganap na kabanalan." Subalit ang kaisahan ng Iglesiang naglalakbay ay nakasandig sa mga nakikitang buklod ng pagkakaisa: - ang pagpapahayag ng iisang pananampalatayang galing sa mga apostol; - ang sama-samang pagdaraos ng pagsamba sa Diyos; lalo na sa sakramento; - ang pagkakahali-halili apostoliko sa paraan ng sakramento ng orden na siyang nag-iingat ng pagsasamahang-magkapatid ng mag-anak ng Diyos." CCC, 822: "Ang pagkabalisa sa ikababalik ng pagkakaisa ay nasa buong Iglesia, maging sa mga binyagan at sa mga pastol." Subalit dapat "mabatid na ang banal na hangaring ito na pagkasunduin ang lahat ng kristiyano sa pagkakaisa ng iisang Iglesia ni Hesukristo ay higit sa lakas at kaya ng tao." Kaya nga dapat ilagay ng may pag-asa sa "panalangin ni Kristo para sa Iglesia, sa pag-ibig ng Ama para sa ating lahat at sa bisa ng Espiritu Santo."

4. "Ang makalangit na institusyon ng Santo Papa ay isang tiyak na katotohanan at kinakailangan


bilang mga Katoliko ang ating pagkilala at paglilingkod sa tinatawag nating Santo Papa. Una sa lahat ang paggalang...ang paggalang sa tuwing tinutukoy natin ang Santo Papa ay makakatulong sa pagtalima nang ganap sa kanya...ang pagganap sa ikatlong gawain natin para sa kanya ay ang pagdarasal kasama siya at para sa kanya...Ang pagmamahal sa Santo Papa ay nagsimula noong panahon ng pagsisimula ng Simbahan. Nawa'y maipagpatuloy natin ito; ito'y nararapat gawin ng mga kaluluwang banal. Kinakailangan ni Pedro ang dalawang bagay upang pamahalaan ang Simbahan: ang biyayang nagmumula kay Kristo at ang panalangin may kababaang-loob ng mga Kristiyano. George Chevrot, *Simon Peter* (Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc, 1984), 83-86.

5. CCC, 2030: "Tinutupad ng kristiyano ang kanyang bokasyon sa Iglesia, na kasama ang lahat ng binyagan. Mula sa Iglesia tinatanggap ang salita ng Diyos na naglalaman ng mga turo ng "batas ni Kristo". Sa Iglesia tintanggap ang grasya ng mga

sakramento na umaalalay sa kanyang "lakad". Mula sa Iglesia natutuhan ang halimbawa ng kabanalan; kinikilala sa pinagpalang Birhen Maria ay larawan at bukal ng kabanalang iyo; sinusuri ito sa tunay na patotoo ng mga nabubuhay ng gayon; natutuklasan sa tradisyong espiritual at sa mahabang kasaysayan ng mga santo noong una at ipinagdiriwang sa liturhiya santoral.

6. Merle C. Fontanilla, Coordinator, Parish Pastoral Council: Sa mga Radyo, TV at pulpito, ang mga lider ng iba't-ibang relihiyon ay nangangaral at nagsasabing sila ang totoo. Lahat ay sinanay magsalita at kung di tayo maingat maaari tayong maakit. Kay Pedro, bilang unang papa, ipinagkatiwala ang pamumuno ng simbahan. Napakabigat at napakaselan ng tungkuling ito sapagkat hindi lamang niya dadalhin ang pangalan ng Diyos kundi kailangang maipakita rin niya ang totoong buhay-kristiyano. Hindi niya kayang mag-isa ang gawaing ito. Kailangan niya ang mga alagad upang magampanan niya ang pagiging pinuno ng Simbahang Katolika.

Ang Santo Papa natin ngayon gaya ni Pedro ay nananawagan din na siya ay ipagdasal na maitumpak ang pamamahala ng simbahan. Kailangan din niya ang ating suporta, ang ating tulong. Mag-alay tayo ng dalangin na mabigyang-lakas ng Santo Papa ang pananampalataya ng bawat kasapi ng simbahan, upang walang mawalay. Kahit paunti-unti maglaan tayo ng panahon para sa ikalalago ng ating simbahan.



## ARAW NG KAPISTAHAN

# ANG PAGPAKO KAY PEDRO

**Pagbasa mula sa Ebanghelyo ayon kay San Juan:** (Jn 21:18-19)

Sinabi ni Jesus kay Pedro: "Tandaan mo: noong kabataan mo pa, ikaw ang nagbibihis sa iyong sarili at lumalakad ka kung saan mo ibig. Ngunit pagtanda mo, iuunat mo ang iyong kamay at iba ang magbibihis sa iyo at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig. (Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano mamamatay si Pedro at sa gayo'y maparangalan niya ang Diyos.) Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin!"

*(Magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan matapos ang pagbasa.)*

**Pagninilay:**
*(Maaaring pumili ng dalawa hanggang tatlong pagninilay; maglaan ng ilang sandali ng katahimikan sa pagitan ng mga pagninilay)*

1. Ayon sa tradisyong Kristiyano, ipinako sa krus si Pedro noong panahon ni Emperador Nero Augusto Cezar. Ayon din sa tradisyon, ipinako si Pedro sa krus na pabaligtad ayon na rin sa kanyang kahilingan dahilan sa napagtanto niyang

hindi siya karapat-dapat na ipako tulad ni Jesukristo.

2. Sumusunod ang disipulo hanggang sa paanan ng krus. Handang mamatay ang disipulo kasama ng kanyang Guro. Sumusunod kay Kristo hanggang sa krus ang isang may tunay na nananampalataya. Sinundan ni Pedro si Kristo hanggang sa kamatayan. Nararapat tayong maging matapat sa ating mga prinsipyong Kristiyano sa lahat ng pagkakataon. Kahit na sa mahihirap na hamon sa buhay, nararapat tayong maging matapat na Katoliko.

3. Mt 16:24: "Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin."

4. CCC, 2015: "Ang daan ng kabanalan ay natutungo sa pamamagitan ng krus. Walang kabanalan kung walang pagtatakwil sa sarili at pakikinabang na espiritwal. Ang pag-unlad sa kabanalan ang nangangahulugan ng pagpapakabanal at pagpapakasakit na

nagbubungang unti-unti ng tahimik na pamumuhay at galak ng mga punong kabanalan: Ang umaakyat ay di humihinto sa paghakbang ng mga paglakad na walang katapusan. Ang umaakyat ay di nagsasawa sa paghangad ng kanyang nakikilala.


5. San Clemente ng Roma, *Sulat sa mga Taga-Corinto* (Kabanata 5) c. 80–98: "Alalahanin natin ang mga marangal na halimbawa ng ating panahon. Dahil sa kawalan ng pagtanggap sa kapakumbabaan ng Tagapagligtas, ang pinakadakila at pinakamatuwid na haligi ng Simbahan ay inusig hanggang sa kanilang kamatayan...Si Pedro ay masigasig sa kanyang pagpapatotoo at pagbibigay saksi at lumisan siya sa buhay na itong nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos."

6. "Kailangang maintindihan natin na magiging banal tayo ayon sa pagtulad natin sa buhay ni Jesukristo na sumasaatin. Ninanais ng Diyos na maging banal tayo at wala ng iba pa. Tanging kay Jesukristo lamang tayo magiging banal; kung

hindi sa Kanya, hindi tayo magiging banal..." Dom Columba Marmion, *Christ, the Life of the Soul* (St. Louis: B. Herder, 1936), 39.

7. "Kapag tayo'y namatay na kalakip ni Jesukristo" (2 Tim 2:11), "tayo'y namatay at nalibing na kasama niya" (Rom 6:4), subalit "ibinangon tayong muli ng Diyos" (Ef 2:6), "at binuhay niya kay Kristo" (Ef 2:5), upang "mabuhay na kasama niya tayo" (2 Tim 2:11) at "pinaupong kasama niya sa kalangitan" (Ef 2:6).

8. Consuelo Q. Galano, Ministry on Faith Formation: Ginagawa ng Diyos na makulay ang ating buhay, na pagminsan ay hindi natin nabibigyan ng kaukulang pagpapahalaga. Kaya patuloy tayong nagsasawalang-kibo at nagbibingi-bingihan. Ang pagtugon sa kanya ay ang paglilingkod sa simbahan at sa kapwa, na siyang nagpapatibay sa ating pananalig at pagtaas ng antas ng ating pananampalataya. Subukan mong maglingkod sa Panginoon magkakaroon ka ng kasiyahan na hindi kayang bayaran ng anuman.




*Inihanda nina*
*Padre Augusto Jesus Angeles at Padre Jun Abog*
*para sa Muling Pagtatalaga ng*
*Simbahan ng Parroquia de San Pedro Apostol,*
*Vinzons, Camarines Norte*